

# Idinagdag ang Lalawigan ng Nevada sa deklarasyon ng pederal na sakuna sa sunog nitong Agosto

---

Release Date: September 30, 2020

**SACRAMENTO, Calif.** – Ang Lalawigan ng Nevada ay inaprubahan para sa tulong na pederal ukol sa mga hakbang na pang-emerhensiyang proteksyon, pagtanggap ng mga basura at mga permanenteng pagsasaayos o muling pagtatayo ng mga imprastruktura ng komunidad bilang bahagi ng pangunahing deklarasyon ng sakuna sa sunog na inaprubahan noong ika-22 ng Agosto.

Ang Estado ng California, mga lokal na pamahalaan, mga pamahalaan ng mga tribu na kinilala ng pederal at ilang mga pribadong walang-kita sa lalawigan ay maaaring humiling ng pagpopondo sa pamamagitan ng programa ng paggawad sa Tulong Pampubliko ng FEMA upang makatulong sa pagbabayad ng pag-alis ng mga basura, mga hakbang na pang-emerhensiyang proteksyon, at ang pagsasaayos o muling pagtatayo ng mga kalsada, mga tulay, mga pasilidad ng kontroladong patubig, mga gusali, kasangkapan, mga pangkagamitan, mga pasilidad ng parke at libangan.

Ang Tulong Pampubliko ng FEMA ay pinalawak na higit pa sa pag-alis ng basura at mga hakbang na pang-emerhensiyang proteksyon sa Lalawigan ng Nevada upang makasama ang permanenteng paggawa ng pagsasaayos o pagpapalit ng mga imprastrukturang pampubliko.

Ang pederal na kabahagi ng halaga ng maibabalik na mga gastos ay hindi bababa sa 75 porsiyento.

###



**FEMA**

Page 1 of 1